


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 33: Mga Biyaya at Pagpapakita ng Pasasalamat



PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 33: Mga Biyaya at Pagpapakita ng Pasasalamat  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Megie M. Lillo, Risa Mae B. Lospe
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth M. Ysulan, Leonora G. Tabangcora, Febe M. Rivera, Michael C. Paso, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, John Rey C. Clarion
<b>Tagaguhit:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Alim V. Eviota, Merlinda Malimit
<b>Tagalapat:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Eljun A. Calimpusan
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

**Inilimbag sa:**

**Department of Education – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600  
Telefax No.: (085) 342-5969  
email address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 33:  
Mga Biyaya at Pagpapakita ng  
Pasasalamat**

## ***Paunang Salita***

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




## ***Alamin***

Hindi man natin hinihingi, may mga tao pa ring nagbabahagi ng kabutihang-loob bilang ganti sa mga biyaya na kanilang natatamo at dahil sa kagandahang loob nito. Ayon nga sa isang berso sa Bibliya, “*Ang kaluluwang mapagbigay ay tataba: at siyang dumidilig ay madidilig din*” (Kawikaan 11:25)

Sa pagpapasalamat ay ganap na nakikilala ng tao ang mga magagandang bagay sa buhay. Nakatutulong din ito upang maiugnay at mas mapalapit ang sarili sa mga bagay na lubos na pinapahalagahan. Bagama’t, katanging-tangi ang tao bilang isang indibidwal kung kaya ay iba-iba rin ang kaparaanan sa pagpapakita ng pasasalamat. Anomang paraan, ang mahalaga ay ibinibigay natin ito nang may galak sa puso.

Inaasahang sa modyul na ito ay malinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Natutukoy ang mga biyayang natatanggap mula sa kabutihang-loob ng kapwa at mga paraan ng pagpapakita ng pasasalamat. (EsP8PB-IIIa-9.1)



## **Subukin**

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot.  
Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano sa salitang Filipino ang salitang Griyego na *charis*?
  - A. Biyaya
  - B. Kailangan
  - C. Kupeta
  - D. Utang na loob
2. Ano ang dalawang uri ng biyaya?
  - A. Pisikal at Mental
  - B. Ispirtwal at Mental
  - C. Pisikal at Ispiritwal
  - D. Mental at Emosyonal
3. Alin sa sumusunod ang may tamang halimbawa ng biyayang pisikal?
  - A. Parangal, Dangal, Tagumpay, Kabiguan
  - B. Katahimikan, Dangal, Kabiguan, Kalusugan
  - C. Kasaganaan, Kaunlaran, Katahimikan, Kalusugan
  - D. Pangunahing Pangangailangan ng Tao, Kasaganaan, Kaunlaran, Tagumpay
4. Kung nakatanggap ka ng bigas at inumin noong panahon ng *enhanced community quarantine* mula sa nagmamalasakit mong kapitbahay. Anong uri ng biyaya ang iyong natatanggap?
  - A. Emosyonal
  - B. Ispiritwal
  - C. Mental
  - D. Pisikal
5. Dahil sa pagpapahiram ng *laptop* ng iyong kapitbahay ay matagumpay mong naisagawa ang *online* na pagtatalumpati na isang *performance task* sa asignaturang EsP 8. Anong uri ng biyaya ang ibinigay sa iyo ng Diyos sa pagkakasangkapan ng mga taong nagmamahal sa iyo?
  - A. Kaunlaran
  - B. Kasaganaan
  - C. Parangal
  - D. Tagumpay

6. Hindi man kalakihan ang bahay nila ni Mat ngunit sapat na ito para sa kanilang pamilya na may matitirhan. Anong biyayang pisikal ang ipinahiwatig ng mga pangungusap?
- A. Kalusugan
  - B. Kasaganaan
  - C. Pangunahing Pangangailan ng Tao
  - D. Parangal
7. Dahil sa hirap ng buhay ay minsan nararanasan mong makakain ng dalawang beses sa isang araw. Subalit nanatili pa rin ang lakas ng iyong pangangatawan dahil sa awa at tulong ng Diyos. Anong biyayang pisikal ang ipinahiwatig ng mga pangungusap?
- A. Kalusugan
  - B. Kasaganaan
  - C. Pangunahing Pangangailan ng Tao
  - D. Parangal
8. Si Brex ay nakatanggap ng text mula sa kanyang Tita Agnes na padadalhan siya ng pera para may magagamit na panggastos sa kanyang *online class* kaya agad siyang nag-*reply* at nagpapasalamat ng buong puso sa tulong ng kanyang tita. Anong paraan ng pagpapasalamat ang ginawa ni Brex sa nasabing sitwasyon?
- A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”
  - D. Pagsasabi ng salamat sa chat o text
9. Alin sa sumusunod ang katumbas sa Filipino ng salitang Griyegong “*gratus*”?
- A. Grasya
  - B. Paalam
  - C. Pagtitiis
  - D. Pasasalamat
10. Naubusan na ng *load* si Alice at wala na siyang perang pang-*load* ngunit kailangan pa niyang magsaliksik para masagutan ang gawain sa Asignaturang EsP 8. Laking tuwa niya at nagpasalamat siya nang alukin siya ng kaibigan na gamitin muna niya ang *cellphone* nito. Anong paraan ng pagpapasalamat ang ginawa ni Alice sa nasabing sitwasyon?
- A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Pagbigay ng simpleng regalo
  - D. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”

11. Nakatanggap ka ng text mula sa kaklaseng ipinagbigay-alam sa iyo na may pagbabago sa takdang panahon ng pagsumite ng *performance task* sa asignaturang EsP 8. Agad ka namang nag-*reply* at nagpapasalamat rito. Anong paraan ng pasasalamat ang ipinakita mo sa sitwasyon?
- A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”
  - D. Pagsasabi ng salamat sa chat o text
12. Alin sa pagpipilian ang dapat natin pakatandaan sa salitang biyaya maging ito man ay pisikal o ispiritwal?
- I. para sa lahat
  - II. galing sa Diyos
  - III. galing lamang sa tao
  - IV. nararapat na pasalamatan
  - V. hindi na kailangang pasalamatan
- A. I, II, III
  - B. I, III, IV
  - C. II, IV, V
  - D. I, II, IV
13. “Kung marunong kang tumanggap ay marunong ka rin magbigay.” Sa aling paraan ng pasasalamat ito tumutukoy?
- A. Sa pamamagitan ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Pagbigay ng simpleng regalo
  - D. Berbal na pagsasabi ng “salamat”
14. Kung may higit tayo na pasasalamatan ay Siya yaong araw-araw na nagbibigay ng biyaya sa lahat ng nilalang. Para kanino ipinahiwatig ang pangungusap na ito?
- A. sa Diyos
  - B. sa hayop
  - C. sa halaman
  - D. sa taong mapagbigay
15. Desisyon ng Diyos na pagpapalain tayo sa kabila ng ating mga kasalanan. Bilang kanyang nilalang ano ang ating dapat na gawin?
- A. magpasalamat lagi
  - B. magpasalamat minsan
  - C. magpasalamat kung naka-alala
  - D. magpasalamat sa piling biyaya lamang



## Aralin

# 1

# Mga Biyaya at Pagpapakita ng Pasasalamat

*“Linangin ang ugali ng pagiging mapagpasalamat sa bawat mabuting bagay na dumarating sa iyo at magpasalamat nang patuloy.”*

-Ralph Waldo Emerson



## **Balikan**

### **Gawain 1: Mapanagutang Lider o Tagasunod?**

Panuto: Unawain ng mabuti ang bawat sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang **ML** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng kilos ng mapanagutang lider at **MT** naman kung mapanagutang tagasunod.

1. Naibahagi ni Lyn sa kanyang mga kagrupo ang kanyang plano kung ano ang mga dapat gawin sa kanilang pangkatang gawain na pagsasadula.
2. Marunong si Max makisama sa mga kagrupo at sumunod sa iniutos ng lider na walang pagrereklamo.
3. Si Sofia ay isang pangulo ng YES-O na nagpaplano kung papaano lutasin ang problema ng basura sa loob ng kampus.
4. May tiwala si Alex sa kanyang mga miyembro na magagawa ang mga iniatas na gawain.
5. Agad sumang-ayon ang mamamayan ng Barangay Puerto sa pakiusap ng punong barangay na makiisa sa gagawing *tree planting* sa susunod ng sabado. -



### **Mga Tala para sa Guro**


Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



## **Tuklasin**


### **Gawain 2: Tukuyin Mo at Pagnilayan!**

Panuto: Tukuyin ang mga salitang nasa Venn Diagram at pagnilayan ang mga gabay na tanong.



Gabay na tanong:

1. Ano ang pagkakaiba ng dalawang uri ng biyaya sa Venn Diagram?
2. Kanino nakalaan ang mga biyayang nakasaad sa Venn Diagram? Sa iyong palagay, saan nanggaling ang mga biyayang ito?
3. Bakit mahalaga na makilala ang mga uri ng biyaya?
4. Ano-ano ang dapat na gawin sa tuwing nakatatanggap ng biyaya?
5. Bakit mahalaga na magpasalamat sa mga biyayang natatamo?



## ***Suriin***

Ano ang Tinatawag Na Biyaya?

Ang orihinal na salitang Griyego na isinalin sa salitang Filipino na “biyaya” ay *charis*, na nangangahulugang “pabor, pagpapala, o kagandahang loob.” Maaring ang biyaya ay ipagkakaloob natin sa iba o kaya ay ipinagkaloob sa atin.

Ang mga biyaya ay dumarating sa iba’t ibang kaparaanan. Kung makikita natin ang Venn Diagram sa bahaging ***Tuklasin*** ay hinahati ito sa dalawang uri;

Una ay ang mga Biyayang Pisikal - kung saan ang mga ito ay galing sa Diyos na ipinagkaloob para sa lahat. Ngunit ang mga biyayang pisikal ay maaring kakasangkapanin ang ibang tao upang ipagkaloob ito sa kanyang kapwa tao. Naririto ang mga halimbawa ng Biyayang Pisikal:

- Pangunahing Pangangailangan ng Tao
- Kasaganaan
- Kaunlaran
- Parangal
- Tagumpay
- Kalusugan

Ang Pangalawa ay ang mga Biyayang Ispirituwal - ito ay pinakamahalagang uri ng biyaya na maaaring matanggap ng tao mula sa Diyos. Ang taong mayroon nito ay may positibong pananaw at matatag sa kahit anumang problemang dumating sa buhay. Masasabing walang bagay na maikukumpara sa presensiya ng Diyos kung saan ipinararanas ng Diyos sa tao ang kagalakan, kapayapaan, pag-ibig, kaligayahan, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan at kalakasan. Gayundin, ang taong may matibay na relasyon sa Diyos ay nagsisilbing instrumentong gawin ang kabutihan sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong, pagpapakita ng kagandahang-loob, at iba pang mabubuting gawi. Ito ay kasiya-siya hindi lamang sa mata ng tao ngunit higit sa lahat sa Diyos.

Naririto naman ang mga halimbawa ng Biyayang Ispiritwal:

- presensiya ng Diyos
- relasyon sa Diyos

Anu-ano ba ang mga biyayang maaaring ipagkaloob ng ating kapwa? Kung ating mapapansin ang biyayang pisikal ay ang mga pangangailangan ng tao at maaari niyang makamit sa mundong ito. Pansinin natin ang ilan sa halimbawa ng biyayang pisikal.

<b>Biyayang Pisikal</b>	<b>Mga Halimbawa</b>
Pangunahing Pangangailangan ng Tao	Nakatanggap si Paul ng bigas at inuming tubig mula sa kapitbahay na nagmamalasakit sa kanya noong nagkaroon ng <i>enhanced community quarantine</i> .
Kalusugan	Si Jhana mapalad na nakatanggap ng libreng <i>therapy</i> mula sa isang <i>physical therapist</i> ng siya ay mabalian ng buto.
Tagumpay	Natapos ni Shine na sagutan ang lahat ng modyul at naisumite sa takdang oras dahil sa pagsisikap at positibong pananaw niya sa kanyang pag-aaral at sa gabay narin ng kanyang mga magulang.
Parangal	Nakatanggap si Daniel ng sertipiko ng pagkilala na <i>with honors</i> sa unang markahan mula sa kanyang tagapayo.
Kaunlaran	Dahil sa mga taong sumuporta ay naging tanyag si Kenneth sa larangan ng arkitektura at umunlad ang kanyang pamumuhay.
Kasaganaan	Si Me-ann ay nagsisikap at determinado sa buhay kaya natatamasa niya ang kasaganaan ng pamumuhay.

Kung tayo ay marunong tumanggap tayo rin ay dapat marunong magbigay. Ang tinutukoy na “marunong magbigay” ay hindi nangangahulugan lamang na magbabalik ng katumbas na materyal sa iyong tinanggap. Ang tinutukoy rito ay ang salitang “pasasalamat” o sa salitang latin ay “*gratus*”.


### **Ang pagpapasalamat at pamamaraan ng pagpapakita nito.**

Ang pagpapasalamat ay isang pagpapakita ng pagkilala sa mga biyayang natatanggap na ginagawa mula sa kaibuturan ng ating mga puso. Kung ating matagumpay na natutukoy ang mga biyaya ay mabibigyan din natin ito ng mga karampatang pagpapasalamat. Narito ang ilan sa mga paraan sa pagpapakita ng pagpapasalamat:

1. *Berbal na Pagsasabi ng “Salamat”* - Hindi sa lahat ng pagkakataon ay maipapakita mo ang pasasalamat sa pagbibigay ng materyal na bagay sa taong pinapasalamatan. Ang pagsasabi ng salitang “salamat” ay pinakasimpleng paraan upang ipadama ang damdamin sa biyayang natanggap.
2. *Liham* - Sa pamamagitan ng liham naipapakita mo ang iyong pagpapahalaga sa kanyang ginawa. Ang liham din ay isang malikhaing pamamaraan upang maipadama mo ang tunay na damdamin sa kapwa matapos ibahagi sa iyo ang mga biyayang kanyang natamasa.

3. *Pagsasabi ng salamat sa chat o text* – Ito ang makabagong pamamaraan ng pasasalamat na madali itong gawin, kukunin mo lang ang iyong gadyet gaya ng cellphone, laptop o di kaya’y kompyuter at simulan ng i-text o i-type ang taos pusong pasasalamat sa tao o mahal sa buhay na gustong pasalamatan sa kabutihang nagawa.
4. *Pagbigay ng Simpleng Regalo* - Hindi importante ang halaga ng regalong ibibigay sa iyong kapwa dahil ang mahalaga ay ang kabuluhan o diwa kung bakit ito ibinigay.
5. *Tumulong sa Ibang Tao* - Ang wagas na pagtulong ay hindi humihingi ng kapalit. Kapag ikaw ay natulungan ng iyong kapwa, maaari mong ibalik o ibigay ang iyong pasasalamat sa ibang tao sa pamamagitan ng pagtulong. Ito ay epektibong paraan upang mapalaganap ang biyaya ng kabutihan mula sa isang tao patungo sa iba hanggang sa mararanasan na ito ng lahat.
6. *Pagyakap o Pagnigiti*- Ito ay isa sa paraan ng pagpapasalamat ngunit isa sa mga pinakamakabuluhan. Sabi nga nila, ang pagnigiti ay nakahahawa at ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa puso. Ganoon din ang pagyakap na nakagagaan ng damdamin.

Ang Panginoong Diyos ay araw-araw nagbibigay ng biyaya sa lahat ng nilalang. Ang biyaya ay ang desisyon ng Diyos na pagpalain tayo dahil sa Kaniyang lubos na pag-ibig sa atin kaya huwag nating kalimutan na magpapasalamat lagi.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 3: Tukuyin Mo at Ihanay!**

Panuto: Tukuyin ang mga biyaya at ihanay ayon sa kanilang uri. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Biyayang Pisikal	Biyayang Ispiritwal

### **Gawain 4: Halimbawa, Alam Ko Yan!**

Panuto: Magbigay ng halimbawa sa natutukoy na mga biyayang pisikal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pangunahing Pangangailangan ng Tao	
Kasaganaan	
Kaunlaran	
Parangal	
Kalusugan	

## Gawain 5: Suhestyon - I-konek mo!

Panuto: Magbigay suhestyon ng mga paraan ng pagpapasalamat sa bawat sitwasyon na nakasulat sa hugis parihaba. Ikonek sa hugis *arrow* kung anong uri ito ng biyayang pisikal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pangunahing Pangangailangan ng tao			
<p>Halimbawa:</p> <p>Nakatanggap ka ng pagkain mula sa iyong kaibigang nagmamalaskit. Paano mo ipapakita sa kanya ang iyong pasasalamat?</p> <p>Sagot:</p> <p>Bilang pasasalamat ay maaring sabihin kaagad ang salitang “salamat”</p>	<p>1. Paano mo ipapakita ang pagpapasalamat sa iyong kaibigang nagbigay hamon at tumulong sa iyo upang ikaw ay makapagtapos sa kursong <i>Information Technology</i>.</p> <p>Sagot:</p>	<p>2. Paano mo pasasalamatan ang taong nagtatrabaho sa iyo na nagbigay daan sa iyong nakamit na kasaganaan?</p> <p>Sagot:</p>	<p>3. Nagmamadali ka sana sa pag-uwi nang ikaw ay ilibre ng kaibigan mo ng <i>burger</i> sa isang <i>fast food</i>. Natagalan ang crew sa pagsilbi ng inyong order dahil sa maraming tao. Paano mo ipapakita sa crew ang iyong pasasalamat sa kabila ng iyong pagmamadali?</p> <p>Sagot:</p>



## Isaisip

### Gawain 6: Punan ng Natutuhan!

Panuto: Punan ng angkop na salita o parirala ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang sagot sa loob ng kahon, pagkatapos isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga pagpipilian:


biyaya	kagandahang loob
pabor	pagpapasalamat
pagpapala	biyayang ispiritwal
biyayang pisikal	kasaganaan
kalusugan	presensya ng diyos
	charis

Ang orihinal na salitang Griyego na isinalin sa salitang Filipino na “\_\_\_\_\_ (1) \_\_\_\_\_” ay \_\_\_\_\_ (2) \_\_\_\_\_, na nangangahulugang “\_\_\_\_\_ (3) \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_ (4) \_\_\_\_\_, o \_\_\_\_\_ (5) \_\_\_\_\_.” Maaring ang biyaya ay ipagkakaloob natin sa iba o kaya ito ay ipagkakaloob sa atin.

May dalawang uri ang biyaya, ito ay \_\_\_\_\_ (6) \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ (7) \_\_\_\_\_. Ang isa sa mga halibawa ng biyayang pisikal ay \_\_\_\_\_ (8) \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ (9) \_\_\_\_\_ naman sa biyayang ispiritwal.

Ang \_\_\_\_\_ (10) \_\_\_\_\_ ay isang pagpapakita ng pagkilala sa mga biyayang natatanggap na ginagawa mula sa kaibuturan ng ating mga puso.






## ***Isagawa***

### **Gawain 7: Ikonsepto, Natutuhan Mo!**

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, gumawa ng Concept Map ukol sa salitang BIYAYA. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





## Tayahin


Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Nakatanggap ka ng text mula sa kaklaseng ipinagbigay-alam sa iyo na may pagbabago sa takdang panahon ng pagsumite ng *performance task* sa asignaturang EsP 8. Agad ka namang nag-*reply* at nagpapasalamat rito. Anong paraan ng pasasalamat ang ipinakita mo sa sitwasyon?
  - A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”
  - D. Pagsasabi ng salamat sa chat o text
2. Alin sa pagpipilian ang dapat natin pakatandaan sa salitang biyaya maging ito man ay pisikal o ispiritwal?
  - I. para sa lahat
  - II. galing sa Diyos
  - III. galing lamang sa tao
  - IV. nararapat na pasalamatan
  - V. hindi na kailangang pasalamatan
  - A. I, II, III
  - B. I, III, IV
  - C. II, IV, V
  - D. I, II, IV
3. “Kung marunong kang tumanggap ay marunong ka rin magbigay.” Sa aling paraan ng pasasalamat ito tumutukoy?
  - A. Sa pamamagitan ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Pagbigay ng simpleng regalo
  - D. Berbal na pagsasabi ng “salamat”
4. Kung may higit tayo na pasasalamatan ay Siya yaong araw-araw na nagbibigay ng biyaya sa lahat ng nilalang. Para kanino ipinahiwatig ang pangungusap na ito?
  - A. sa Diyos
  - B. sa hayop
  - C. sa halaman
  - D. sa taong mapagbigay

5. Desisyon ng Diyos na pagpapalain tayo dahil sa labis Niyang pag-ibig sa atin. Bilang kanyang nilalang ano ang ating dapat na gawin?
  - A. magpasalamat lagi
  - B. magpasalamat minsan
  - C. magpasalamat kung naka-alala
  - D. magpasalamat sa piling biyaya lamang
  
6. Ano sa salitang Filipino ang salitang Griyego na *charis*?
  - A. Biyaya
  - B. Kailangan
  - C. Kupeta
  - D. Utang na loob
  
7. Ano ang dalawang uri ng biyaya?
  - A. Pisikal at Mental
  - B. Ispiritwal at Mental
  - C. Pisikal at Ispiritwal
  - D. Mental at Emosyonal
  
8. Alin sa sumusunod ang may tamang halimbawa ng biyayang pisikal?
  - A. Parangal, Dangal, Tagumpay, Kabiguan
  - B. Katahimikan, Dangal, Kabiguan, Kalusugan
  - C. Kasaganaan, Kaunlaran, Katahimikan, Kalusugan
  - D. Pangunahing Pangangailangan ng Tao, Kasaganaan, Kaunlaran, Tagumpay
  
9. Kung nakatanggap ka ng bigas at inumin noong panahon ng *enhanced community quarantine* mula sa nagmamalasakit mong kapitbahay. Anong uri ng biyaya ang iyong natatanggap?
  - A. Emosyonal
  - B. Ispiritwal
  - C. Mental
  - D. Pisikal
  
10. Dahil sa pagpapahiram ng *laptop* ng iyong kapitbahay ay matagumpay mong naisagawa ang *online* na pagtatalumpati na isang *performance task* sa asignaturang EsP 8. Anong uri ng biyaya ang ibinigay sa iyo ng Diyos sa pagkakasangkapan ng mga taong nagmamahal sa iyo?
  - A. Kaunlaran
  - B. Kasaganaan
  - C. Parangal
  - D. Tagumpay


11. Hindi man kalakihan ang bahay nila ni Mat ngunit sapat na ito para sa kanilang pamilya na may matitirhan. Anong biyayang pisikal ang ipinahiwatig ng mga pangungusap?
- A. Kalusugan
  - B. Kasaganaan
  - C. Pangunahing Pangangailan ng Tao
  - D. Parangal
12. Dahil sa hirap ng buhay ay minsan nararanasan mong makakain ng dalawang beses sa isang araw. Subalit nanatili pa rin ang lakas ng iyong pangangatawan dahil sa awa at tulong ng Diyos. Anong biyayang pisikal ang ipinahiwatig ng mga pangungusap?
- A. Kalusugan
  - B. Kasaganaan
  - C. Pangunahing Pangangailan ng Tao
  - D. Parangal
13. Si Brex ay nakatanggap ng text mula sa kanyang Tita Agnes na padadalhan siya ng pera para may magagamit na panggastos sa kanyang *online class* kaya agad siyang nag-*reply* at nagpapasalamat ng buong puso sa tulong ng kanyang tita. Anong paraan ng pagpapasalamat ang ginawa ni Brex sa nasabing sitwasyon?
- A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”
  - D. Pagsasabi ng salamat sa chat o text
14. Alin sa sumusunod ang katumbas sa Filipino ng salitang Griyegong “*gratus*”?
- A. Grasya
  - B. Paalam
  - C. Pagtitiis
  - D. Pasasalamat
15. Naubusan na ng *load* si Alice at wala na siyang perang pang-*load* ngunit kailangan pa niyang magsaliksik para masagutan ang gawain sa Asignaturang EsP 8. Laking tuwa niya at nagpasalamat siya nang alukin siya ng kaibigan na gamitin muna niya ang *cellphone* nito. Anong paraan ng pagpapasalamat ang ginawa ni Alice sa nasabing sitwasyon?
- A. Pagpadala ng liham
  - B. Tumulong sa ibang tao
  - C. Pagbigay ng simpleng regalo
  - D. Berbal na pagsasabi ng “Salamat”




## ***Karagdagang Gawain***

### **Gawain 8: Venn Diagram**


Panuto: Sa iyong sagutang papel ay gumawa ng Venn Diagram na natutukoy ang mga biyayang pisikal at ispiritwal at ang kanilang pagkakatulad.





# Susi sa Pagwawasto

<p><b>Balikan</b></p> <p>1. ML 2. MT 3. ML 4. ML 5. MT</p> <p><b>Tuklasin</b></p> <p>Gawain 2</p> <p>Pisikal</p> <p>Pangunahing Pangangailangan ng Tao</p> <p>Kasaganaan</p> <p>Kaunlaran</p> <p>Parangal</p> <p>Tagumpay</p> <p>Kalusugan</p> <p>Ispiritwal</p> <p>presensya ng Diyos</p> <p>relasyon sa Diyos</p>	<p><b>Isaisip</b></p> <p>Gawain 6</p> <p>1. biyaya</p> <p>2. <i>charts</i></p> <p>3. pabor</p> <p>4. pagpapala</p> <p>5. kagandahang loob</p> <p>6. biyayang pisikal</p> <p>7. biyayang ispiritwal</p> <p>8. kalusugan</p> <p>9. presensya ng diyos</p> <p>10. pagpapasalamat</p>	<p><b>Subukin</b></p> <p>1.A 2.C 3.D 4.D 5.D 6.C 7.A 8.D 9.D 10.D 11.D 12.D 13.B 14.A 15.A</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1.D 2.D 3.B 4.A 5.A 6.A 7.C 8.D 9.D 10.D 11.C 12.A 13.D 14.D 15.D</p>
---	---	--	--



**Isagawa**

Gawain 7

Maaaring magkaba ang mga sagot ng mga mag-aaral.

# ***Sanggunian***

## **Aklat**

Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral. Bognot, Regina et. al. (2014). 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

## **Hanguang Elektroniko**

Houston, Elaine. (2019, September 4). (“HOW TO EXPRESS GRATITUDE TO OTHERS (19 ideas+ gifts & challenges).*Bing*.<https://www.bing.com/search?q=%28%E2%80%9Chow+to+express+gratitude+to+others+%2819+ideas%2B+gifts+%26+challenges%29.&form=EDGEAR&q=PF&cvid=b638a657253c4b46ba58e72cbf088b93&cc=PH&setlang=en-US&DAFO=1&plvar=0&PC=NMTS>

Jessen, Catherine. (2014, June 19). 6 EASY WAYS TO SHOW GRATITUDE EVERY DAY. *The Muse*. <https://www.themuse.com/advice/6-easy-ways-to-show-gratitude-every-day>

Minnicks, Margaret. (2020, July 16). TWO TYPES OF BLESSINGS. *LetterPile - Writing and Literature*. <https://letterpile.com/religion/Two-Types-of-Blessings-God-Gives>

Swaby, Eston. (2015, June 22). “6 TYPES OF BLESSINGS AND CURSES, Bible Way Mag”. Bible Way Mag. <https://www.biblewaymag.com/6-types-of-blessings-and-curses/>.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)